Pangalan: ________________________________________

# GAWAING PAMPAGKATUTO
# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 1
## Unang Markahan

**Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot sa loob ng kahon.**

1. Ano ang tawag sa mga kaya mong gawin tulad ng pagguhit, pagsayaw at pagkanta?

A. kayamanan

B. Kakayahan

C. kahinaan

2. Anong kakayahan ang ipinapakita sa larawan?



A. pagsayaw

B. pagguhit

C. pag-awit

3. Napili ka ng iyong guro na sumali sa paligsahan sa pag-awit. Hindi mo pa kabisado ang kanta. Ano ang dapat mong gawin?

A. Sasabihin sa guro na hindi sasali kasi nakakahiya.

B. Hindi tatanggapin ang alok ng guro dahil hindi pa saulo ang kanta.

C. pag-aaralan ang kanta at isaulo ito.

4. Mahilig kang umawit. Nais mong iparinig ito sa iyong mga kaklase. Ano ang gagawin mo?

A. Hindi ako kakanta. Nahihiya ako.

B. Aawitan ko sila.

C. Sasabihin kung sa susunod na lang.

LIVEWORKSHEETS

5. Nagsasagot ka ng iyong modyul sa matematika pero hindi mo alam kung paano gawin. Ano ang gagawin mo?

A. Magpapaturo ako kay ate.

B. Hindi na ako magsasagot ng modyul.

C. Iiyak na lang ako.

6. Ang mga sumusunod na pagkain ay pampalusog ng gating katawan, **MALIBAN** sa isa.

A. Papaya

B. Mansanas

C. Kendi

7. Ano ang maaaring mangyari kung ikaw ay kakain na marumi ang iyong kamay?

A. Magkakasakit

B. Magiging malusog

C. Magiging masarap ang pagkain.

8. Nakita mong marumi ang kamay ng iyong kalaro. Ano ang gagawin mo?

A. Pagtatawanan ko siya.

B. Hahayaan ko lamang siya.

C. Pagsasabihan ko na maghugas ng kamay.

9. Natalo ang iyong kaklase sa paligsahan sa pag-awit. Ano ang gagawin mo?

A. Hahayaan ko lamang siya.

B. Pagtatawanan ko siya.

C. Sasabihin ko na "okay lang yan" at ginawa niya ang lahat.



LIVEWORKSHEETS

10. Pagdating mo ng bahay galing sa paaralan ay agad mong pinalitan ang iyong uniporme. Alin sa mga damit ang dapat mong ipalit sa uniporme?

A. damit panlakad

B. damit pansimba

C. damit pambahay

11. Ano ang dapat mong gawin kung ikaw ay galing sa labas at marumi ang iyong katawan?

A. Pagpagan ang dumi sa katawan at maglaro ulit.

B. Maligo at magpalit ng malinis na damit.

C. Hayaan na lang na madumi ang katawan.

12. Naglalaro ang iyong kapatid at nakita mong pinupunas niya ang kanyang maruming kamay sa kanyang damit. Ano ang gagawin mo?

A. Hahayaan ko lamang siya.

B. Titingnan ko lamang ito at hindi papansinin.

C. Pagsasabihan ko siya at bibihisan ng damit.

13. Ano ang dapat gawin bago at pagkatapos kumain?

A. Maglaro sa mesa

B. Maligo muna

C. Maghugas ng kamay

14. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng paglinang ng kakayahan?

A. 

B. 

C. 



LIVEWORKSHEETS

15. Sumali ka sa paligsahan sa pag-awit sa inyong paaralan. Ikaw ang pinalad na nagwagi sa ikalawang gantimpala. Ano ang gagawin mo?

A. Mag-eensayo ako ng husto at gagalingan pa sa susunod.

B. Hahayaan ko na lamang na yan ang nakuha ko.

C. Magkukulong sa kwarto dahil nakakahiya.

16. Interesado kang maglaro ng football. Ano ang dapat mong gawin kung may kakilala kang mahusay sa larong ito?

A. Manunuod na lang ako sa TV kung paano laruin ito.

B. Magpapaturo ako ng mga teknik sa larong ito.

C. Hindi ako magpapaturo.

17. Sabay-sabay ang pamilya Santos sa pagkain ng hapunan. Ano ang tamang gawi habang kumakain?

A. Magsigawan sa harap ng hapag-kainan.

B. Magsalita habang puno ang bibig ng pagkain.

C. Nguyain muna ang pagkain bago magsalita.

18. Nakita mong makalat ang inyong bahay at may sakit ang inyong kasambahay. Ano ang dapat mong gawin?

A. Magkunwari na walang nakikitang kalat.

B. Uutusan ang kasambahay na maglinis.

C. Lilinisin ang kalat at hindi na hihintayin ang kasambahay na gawin ito.

19. Si Mel ay inatasan ng kanyang guro na gumuhit ng larawan ng isang pamilya na sama-sama sa pagdarasal. Alin sa mga sumusunod ang maaari niyang iguhit?

A. Pamilyang nag-uusap habang nagdadasal.


B. Pamilyang nagsisigawan sa loob ng simbahan.

C.Pamilyang sabay-sabay na nagdadasal.



LIVEWORKSHEETS

20. Alin sa mga sumusunod na larawan ang nagpapakita ng pamilyang nagkakaisa at nagmamahalan?

A.  B.  C. 

21. Inuutusan ka ng iyong nanay, ngunit ikaw ay naglalaro ng kompyuter. Ano ang gagawin mo?

A. Magkunwaring hindi narinig si Nanay.

B. Sumunod sa utos ng maluwag sa dibdib.

C. Sumunod sa utos pero nagdadabog.

22. Gusto mong pasayahin ang iyong nanay at tatay. Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?

A. Kukwentuhan ko sila ng magagandang ginawa ko sa paaralan.

B. Aalis ako sa bahay at maglalaro sa kapit-bahay.

C. Hindi ko sila papansinin.

23. Nakita mong maysakit ang iyong kapatid. Ano ang gagawin mo?

A. Mag-iingay sa loob ng bahay.

B. Magpatalbog ng bola sa sala.

C. Papakainin at papainumin ng gamut.

24. Alin sa mga sumusunod na pagkain ang pampalusog ng katawan?

A. prutas at gulay B. tsokolate C. kendi

25. Alin sa mga sumusunod na gawain ang pampalakas ng katawan?

A. pag-eehersisyo

B. paglalaro

C. pagtampisaw sa tubig baha.



LIVEWORKSHEETS

26. Alin sa mga sumusunod na larawan ang ginagamit sa paglinis ng kuko?

A.  B.  C. 

27. Si Avi ay hindi pa marunong magsulat ng kanyang panglan. Alin sa mga sumusunod na gawain ang makatutulong upang siya ay matutung magsulat?

A. maglaro maghapon sa kalsada.

B. magpaturo sa nakatatandang kapatid

C. magkunwari na may sakit kapag tinuturuan.

28. Nawala ang alaga mong aso. Ano ang mararamdaman mo?

A. masaya B. malungkot C. magagalit

29. Nakatanggap ka ng regalo noong kaarawan mo? Ano ang mararamdaman mo?

A. malungkot B. magagalit C. masaya

30. Alin sa mga sumusunod na gawain ang nagpapakita ng pagbubuklod ng pamilya?

A. kumakain na mag-isa

B. Nakasimangot habang kumakain

C. Sama-samang kumakain sa hapag-kainan.



LIVEWORKSHEETS